Panatilihing Ligtas ang mga Campus mula sa Panganib

# TALAAN NG IMPORMASYON NG SVRO

REDUCE THE RISK
Gun Violence Protection Orders | Save Lives

## Kung nanganganib ka, tumawag sa 911.

**Kung nanganganib ka, tumawag sa 911.**

Sa katamtaman, may isa na namamatay dahil sa karahasan sa paggamit ng baril kada tatlong oras sa California. Upang maihinto ito, mayroong siyam na pamprotektang utos ang estado. Tumutulong ang mga utos na ito na mapanatiling ligtas ang mga tao. Kabilang sa mga hakbang ang pansamantalang pag-agaw ng kanilang mga baril. Hinahayaan ng mga ito ang iba na mamagitan at mabigyan ang isa na nasa mahirap na panahon na huminto at matulungan.

## KAPAG KAILANGAN

### KAPAG KAILANGAN

Kung nararamdaman ng mga mag-aaral o kawani na nanganganib sila o hindi sila ligtas

### SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA


Isang lider sa college trade school o sinumang pipiliin nila

### ITATAGAL NG UTOS

**21 araw, pwedeng palawigin ng 1 - 3 taon**



**Karamihan ng mga pamamaril ay hindi nagkataon lamang. Sa dalawa sa tatlong kaso, may isang nagbigay ng malinaw na babala o gumawa muna ng pananakot.**



### Ano Ito?

Ang SVRO ay isa sa pamprotektang utos ng California. Hinahayaan nito ang mga tao sa kolihiyo o trade school na makahiling sa hukom ng tulong kung may sinuman na pinagbabantaan o nagsasabi silang pinaplano na gagamitin ang baril upang saktan ang iba sa campus.

### Sino ang Pinuprotektahan nito

Tinutulungan ng mga SVRO na mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral at kawani kapag may isang tao na marahas na nagbabanta sa kolihiyo o trade school.





### Paano ito Nakakatulong

Tinutulungan ng mga SVRO na protektahan ang iba sa pamamagitan ng pag-agaw ng mga baril ng taong iyon at makapagbigay ng proteksyon sa iba sa maikling panahon. Hindi sila pinapayagang bumili o magkaroon ng mga baril, bala o magazine hanggang sa matapos ang utos.

Mag-scan dito upang makaalam pa tungkol sa mga pamprotektang utos at paano mababawasan ang panganib ng karahasan sa paggamit ng baril.

**ReducetheRisk.ca.gov**

SVRO-FS-ENG-0725